Mensahe Anim

## Mga Espiritwal na Prinsipyo, mga Araling Pambuhay, at mga Banal na Babala na Makikita sa Kasaysayan ni David

Babasahin sa Kasulatan: 1 Sam. 16:1—2 Sam. 24:25; Gawa 13:22, 36

**I. Sa kasaysayan ni David (1 Sam. 16:1—2 Sam. 24:25), kailangan nating makita ang pagkasoberano ng Diyos at ang pagkatuto ni David ng mga aralin ng krus:**

A. Sa ilalim ng pagkasoberano ng Diyos, si David ay sinubok at inaprubahan sa kanyang pagtitiwala sa Diyos at paggapi kay Goliath—1 Sam. 17:1-58:

1. Ang karanasan ni David bilang isang pastol ang nagsanay sa kanya na magtiwala sa Panginoon, kaya't nang marinig niya ang paghamon ni Goliath, nasabi niya kay Saul, "Ang iyong lingkod ay nag-aalaga ng mga tupa ng kanyang ama; at pagka pumaroon ang isang leon, o isang oso, at tatangayin ang isang kordero sa kawan, ay lumalabas akong hinahabol ko siya at aking sinasaktan at inililigtas sa kanyang bibig. At kapag dinadaluhong ako ay aking pinapangahan, at aking sinasaktan at aking pinapatay…[si Jehovah], na nagligtas sa akin sa mga pangamot ng leon at sa pangamot ng oso, ay magliligtas sa akin sa kamay ng Filisteong ito"—bb. 34-37.

2. Sinabi ni David kay Goliath na "hindi nagliligtas [si Jehovah] sa pamamagitan ng tabak o ng sibat, sapagkat ang labanang ito ay [kay Jehovah] at ibibigay Niya kayo sa aking kamay" (b. 47); si David ay lumabas upang labanan si Goliath (bb. 40-48) at pinatay siya sa panghilagpos ng bato sa noo ni Goliath at pagpugot ng kanyang ulo gamit ang sarili niyang tabak (bb. 49-54).

3. Ang tagumpay ni David kay Goliath ay isang malakas na pagpapatibay sa pagpili at pagpapahid ng Diyos sa kanya; mula sa karanasan ni David, kailangan nating matanto na dahil hinahabol natin si Kristo ngayon, bawat aspekto ng ating kapaligiran ay lubusang nasa ilalim ng soberanong kamay ng Diyos—Mat. 10:29-31; Awit 31:14-15a; 39:9; Roma 8:28-29; Isa. 45:15.

B. Si David, sa ilalim ng pagkasoberano ng Diyos, ay pinili upang maging lingkod ni Saul, ang kasalukuyang hari; sa pagsasama ng dalawang ito, si Saul ay nahantad bilang isang taong salungat sa kalooban ng Diyos, at si David ay nahayag bilang isang taong ayon sa puso ng Diyos—1 Sam. 18:6-11a:

1. Ang subukin si David sa kanyang ugnayan kay Saul ay nangangahulugang si David ay patuloy na inilagay sa krus; sa bawat misyon na isinugo siya ni Saul, si David ay kumilos nang masiyasip, kaya't itinalaga siya ni Saul na mamuno sa mga kalalakihan ng digmaan; nang minsan bumalik si David mula sa pagpatay sa mga Filisteo, ang mga kababaihan ay nagsilabas mula sa mga lahat ng bayan ng Israel, at sila'y nag-awitan sa isa't isa—"Pinatay ni Saul ang kanyang libo-libo; / At ni David, ang kanyang laksa-laksa"—bb. 5-7.

2. Ang ganitong papuri ay hindi nakaapekto kay David, subalit ito ay nakaapekto kay Saul; sinabi ni Solomon, "Ang tao ay nasusubok sa pamamagitan ng [papuri na ibinibigay sa kanya]" (Kaw. 27:21); si Saul ay lubhang nagalit at nainggit kay David, ipinapakita na siya ay isang taong lubusang nasa laman at lubusang para sa kanyang sarili; mula sa araw na iyon, si Saul ay nagpasyang patayin si David, at si David ay walang lugar na mapagtaguan; si Saul ay nagsimula sa pagkainggit kay

David hanggang sa magpakana kung paano niya siya papatayin nang hindi sisirain ang kanyang sariling pangalan—1 Sam. 18:10—20:42.

3. Nang tinangka siyang patayin ni Saul, hindi lumaban si David o gumawa na anuman upang ipaghiganti ang kanyang sarili; siya ay tumakas lamang; ang paghihiganti at paglaban ay mga bagay ng laman, at yaong mga nagsasagawa ng mga bagay ng laman ay walang bahagi sa kaharian ng Diyos—18:11; cf. Roma 12:19; Efe. 4:26; Gal. 5:21, 24.
4. Si David ay isa na nakakilala sa awtoridad ng Diyos mula sa kanyang puso; sa 1 Samuel ay makikita natin si Saul na tinutugis si David sa ilang upang patayin siya; si David ay nagkaroon ng pagkakataong patayin si Saul, subalit siya ay may takot sa Diyos at hindi siya nangahas na ibagsak ang dibinong kaayusan na isinaayos ng Diyos—18:6—26:25.
5. Kung si David ay nagrebelde kay Saul, siya ay magiging isang halimbawa sa mga tao ng pagrerebelde sa itinalaga, sa itinakdang hari Diyos; ang saloobin ni David ay yaong nagtatatwa ng sarili at nagpapasakop sa awtoridad ng Diyos.
6. Si Saul ay naging suwail sa Diyos at tinanggihan ng Diyos, subalit ito ay isang bagay sa pagitan ni Saul at ng Diyos; para kay David, siya ay nagpasakop sa pinahiran ng Diyos, at ito ang kanyang responsabilidad sa harapan ng Diyos—24:4-6; 26:9, 11; 2 Sam. 1:9-16.
7. Kung ang ilan ay magbabayad ng halaga upang maranasan ang pagbabasag ng krus sa pamamagitan ng pamumuhay sa ilalim ng krus, kikilalanin at tutuusin ang kanilang natural na buhay at disposisyon, ilalagay sa kamatayan ang laman, at itatatwa ang kanilang mga sarili sa harapan ng Diyos, tiyak na makikilala nila ang awtoridad ng Diyos at maipapasok ang awtoridad ng Diyos—ito ay isang pangunahing prinsipyo.
8. Ayon sa pagkatanto ng Bagong Tipan, pinasan ni David ang krus bawat araw sa ilalim ng anumang uri ng sitwasyon; ipinahihiwatig ng Filipos 3:10 na ang kalakasan para mapasan natin ang krus ay ang kapangyarihan ng pagkabuhay na muli ni Kristo; si Kristo ay pumasok sa loob natin upang mamuhay sa loob natin at upang pasanin ang krus sa loob natin—cf. A. A. 2:8-9, 14.
9. Habang natututuhan ni David ang mga aralin ng krus, tinamasa niya ang probisyon ng Diyos kasama sina Jonathan at Michal; kung wala sila, walang paraan na makatakas si David kay Saul—1 Sam. 20:1-42; 19:11-18.
10. Sa ilalim ng pagkasoberano ng Diyos, tinanggap ni David ang mga aralin ng krus, at kalaunan, siya ay hindi talunan bagkus isang tagapagtamo at isang nagwagi, hindi isang nagdurusa kundi isang tagapagtamasa—Fil. 1:19; 3:8-9; 2 Cor. 4:7, 16-18; cf. 2:12-14.
11. Ang buhay ni David ay sumasagisag sa isang buhay ng pagiging nabasag; ang pagbabasag ng panlabas na tao ay ang pagbabasag ng ating natural na disposisyon, ng ating sarili; ang gol ng pagdidisiplina ng Espiritu Santo ay upang tayo ay maging basâg na tao; inilalagay tayo ng Diyos sa isang lugar ng lubusang kawalang-kakayahan at kawalan ng makatutulong upang magkaroon Siya ng malayang daan na isagawa ang Kanyang sarili kasama ang lahat ng Kanyang di-malirip na kayamanan tungo sa loob natin—1:8-9; 4:16-18; 12:9-10; Oseas 6:1-3; Roma 8:28-29; cf. Juan 12:3.

**II. Si David ay nangalaga para sa tirahan ng Diyos sa lupa, ang tirahan ng Kaban ng Diyos—2 Sam. 6:1—7:29; Awit 132:1-18:**

A. Bagama't hindi ninais ng Diyos na itayo ni David ang templo, inihanda niya ang tagapagtayo, ang lugar, at ang mga materyales para sa pagtatayo ng templo; inihayag din ng Diyos kay David sa pamamagitan ng Kanyang Espiritu ang tularan ng templo, at bago mamatay si David, ibinigay niya ang tularang ito kay Solomon na kanyang anak; kaya, tinupad ni David ang kanyang ministeryo at gumawang kasama ng Diyos para sa pagkukumpleto ng pagtatayo ng templo—2 Sam. 8:11; 1 Hari 7:51; 1 Cron. 22:14-16; 29:1-5; 28:11-19; Gawa 13:22, 36.

B. Si David ay masigasig na magtayo ng isang templo para sa Diyos (2 Sam. 7:1-3), subalit tinanggihan ng Diyos ang mabuting intensiyon ni David; isinugo ng Diyos si Nathan na propeta kay David upang itanong, "Ikaw ba ang magtatayo ng bahay na Aking matitirahan?"—b. 5:

1. Ipinakikita nito na lahat ng ating gawa at paglilingkod sa ekklesia ay dapat pinasimulan ng Diyos at dapat ayon sa Kanyang kanaisan; anumang pinasimulan o inumpisahan ng tao, gaano man ito para sa Diyos, ay isang makarelihiyong gawain na walang presensiya ni Kristo.
2. Ang ating puso na maglingkod sa Diyos ay katanggap-tanggap, subalit ang ating desisyon na gumawa ng isang bagay para sa kanya ay hindi katanggap-tangap; sinabi ng Diyos kay David, "Ikaw ba…?"; Ayaw ng Diyos na magpasya tayo ng anuman para sa Kanyang kapakanan.

C. Dahil si David ay isa na may takot sa Diyos at nakipagtulungan sa Diyos, hindi siya tumugon nang salungat nang sinabihan siya ng Diyos sa pamamagitan ni Nathan na tigilan ang kanyang determinasyon na magtayo ng templo; ang pagtigil ni David upang isagawa nag kanyang pagnanais na itayo ang templo ay isang dakilang bagay; sinabi ni sister M. E. Barber, "Sinumang hindi makatitigil na gumawa alang-alang sa Diyos ay hindi makagagawa alang-alang sa Diyos" (*The Collected Works of Witness Lee, 1953,* vol. 1, "Knowing Life and the Church," p. 283)—Luc. 10:38-42.

D. Ang pagtigil ni David ang nagtatag ng isang dalawang panig na patotoo sa sansinukob: una, lahat ng gawain sa sansinukob ay dapat magmula sa Diyos, hindi mula sa tao; ikalawa, ang mahalaga sa lahat ay kung ano ang ginagawa ng Diyos para sa tao, hindi kung ano ang ginagawa ng tao para sa Diyos—2 Sam. 7:11-14a, 18, 25.

E. Dapat nating matutuhan sa kaibuturan natin na ninanais lamang ng Diyos ang ating pakikipagtulungan; hindi Niya tayo kailangan upang gumawa ng anuman para sa Kanya; dapat tayong tumigil sa lahat ng ating opinyon, desisyon, at ideya; kailangan nating hayaan Siyang magsalita, hayaan Siyang pumasok, at hayaan Siyang mag-utos—Mat. 17:5.

**III. Ang talâ ng nagpaparusang paghahatol ng Diyos kay David ay nakasulat bilang isang babala sa atin ngayon (1 Cor. 10:11); ang Diyos ay hindi lamang mapagmahal at maawain, bagkus gayundin Siya ay matuwid at nakakatakot; pinatawad ng Diyos si David, subalit dinisiplina at pinarusahan rin Niya si David ayon sa Kanyang pampamahalaang katuwiran (2 Sam. 12:10-14):**

A. Pagkatapos na ang lahat ng kaaway ng Israel ay magapi ni David at si David ay maitaas bilang hari ng Israel, si David ay nakagawa ng malalaking kasalanan habang siya ay nasa isang mapayapang sitwasyon—pangangalunya at pagpatay; ito ay

nagpapahiwatig na sa tuwing tayo ay panatag sa isang mapayapang sitwasyon, madali para sa atin na matukso upang magpasasa sa laman—11:1-27; 1 Ped. 4:1 at talababa 4.

B. Ang kasalanan ni David ay ang kinalabasan ng kanyang pagpapasasa sa pita ng mga mata at sa pita ng laman (2 Sam. 11:2-3); si David, na inabuso ang kapangyarihan ng kanyang pagkahari (bb. 4-5), ay nakagawa ng sinadyang pangangalunya sa pamamagitan ng pagnanakaw.

C. Pagkatapos makagawa ng gayon, tinangkang ikubli ni David ang kanyang masamang gawa sa pamamagitan ng isang pagkukunwari (bb. 6-13); pagkatapos ay pinatay niya si Urias, ang kanyang tapat na lingkod, sa pamamagitan ng pakikipagsabwatan kay Joab, nang sa gayon ay makuha niya ang asawa ni Urias (bb. 14-25; 12:9).

D. Sa pamamagitan ng kanyang isang kasalanan ay nilabag ni David ang lima sa Sampung Utos (Exo. 20:13-17); ang kanyang kasalanan ay isang malaking insulto at paglabag sa Diyos, at halos pinawalang-saysay nito ang lahat ng kanyang naabot sa nakalipas.

E. Si David, bilang isang taong ayon sa puso ng Diyos (1 Sam. 13:14), ay nagbigay-daan sa Diyos na simulan ang kapanahunan ng pagkahari para sa pagtatatag ng Kanyang kaharian sa lupa para sa Kanyang darating na Kristo, subalit nabigo siya sa bagay ng pagpapasasa sa pita ng laman (1 Hari 15:5); sa bagay na ito ay pabaya si David, at isinakripisyo niya ang kanyang mataas na naabot sa kanyang espiritwal na paghahabol sa Diyos; dapat itong maging isang babala sa ating lahat.

F. Nakapanghihinayang na si David, sa isang napakahalagang panahon ng panunukso ng masamang isa, ay hindi nag-ensayo ng matinding pagpipigil sa kanyang pita kundi nagpasasa dito at gumawa ng isang mabigat na kasalanan na nakasakit sa Diyos nang sukdulan.

G. Inibig ng Diyos si David, subalit dahil sa kanyang kasalanan ay naiwala ni David ang kanyang katayuan at posisyon at gayundin ang labing-isa sa labindalawang lipi (2 Sam. 20:1-2); ang kasalanan ni David ay naghasik ng binhi ng pagkasira ni Solomon (12:24), na nagresulta sa pagkakahati-hati ng kahariang ibinigay ng Diyos (1 Hari 11:9-13; 12:1-17), at ang binhi ng pagkasira ng mga inapo ni Solomon sa pagkahari, na sukdulang nagresulta sa pagkawala ng bansa at ng banal na lupain ng kanilang mga magulang, sa pagkabihag ng banal na bayan, at sa kanilang pagkapangalat sa buong mundo at pagkawala ng kapayapaan hanggang sa kasalukuyang panahon.

H. Makikita natin mula sa kasaysayan ni David na ang mahulog sa ilalim ng pampamahalaang kamay ng Diyos ay isang seryosong bagay (2 Sam. 12:10-14); napakabilis na naipanumbalik ni David ang kanyang salamuha sa Diyos, subalit ang disiplina ng Diyos ay nagpatuloy hanggang pagkatapos ng kanyang kamatayan (b. 15b—20:26).

I. Sa pamamagitan ng pagpapahayag ng kanyang mga kasalanan, ang pakikipagsalamuha ni David sa Diyos ay napanumbalik, gaya ng inihayag sa Awit 51, subalit siya ay napailalim sa pampamahalaang kamay ng Diyos; pagkatapos ng kanyang kabiguan, maraming kasamaan, kabilang na ang pakikiapid, pagpatay, at pagrerebelde, ang naganap sa gitna ng kanyang pamilya—2 Sam. 12:15b—20:26.

J. Inensayo ng Diyos ang isang matinding parusa kay David sapagkat ang kanyang kasalanan ay napakasama; ang pinagmulan ng walang katulad na kasamaan sa sambahayan ni David ay ang pagpapasasa ni David sa pita ng laman; ipinakikita nito

na ang parusa ng Diyos at ang Kanyang pampamahalaang pagtutuos sa mga umiibig sa Kanya ay maaaring maapektuhan pati ang kanilang mga anak.

K. Dapat itong maging isang seryosong alarma at babala sa atin sa ating ugnayan kay Kristo; kung ano tayo, kung ano ang ating ninanais, kung ano ang nilalayon nating gawin, at kung paano tayo gumagawi ay lubhang may kinalaman sa ating pananatili kay Kristo at pakikibahagi sa lahat ng Kanyang di-malirip na kayamanan para sa ating katamasahan; kung hindi tayo wasto sa Diyos sa anuman sa mga bagay na ito, pagdurusahan natin ang pagkawala kay Kristo bilang ating katamasahan.

L. Isusuka tayo ng nagpapaloob ng lahat na Kristo bilang ating pinananahanang lugar, ang ating mabuting lupain, at lahat ng ating kailangan para sa ating pagtatamasa mula sa Kanyang sarili at hindi na tayo pahihintulutang magtamasa sa Kanya kung hindi tayo wasto sa ating ugnayan sa Kanya—Lev. 18:25; Apoc. 3:16.

M. Kalaunan, si David ay hindi lamang tumanda bagkus ay nagmaliw din; ang buhay ni David ay may mabuting simula, gaya ng maliwanag na pagsikat ng araw, at ang kanyang buhay kalakip ang kanyang takbuhin ay naging gaya ng pagsikat ng araw sa katanghalian; gayunpaman, ang kanyang pagpapasasa sa pita (2 Sam. 11:1-27) ang sumira sa kanyang takbuhin at nagsanhi sa maliwanag na buhay na magmaliw gaya ng paglubog ng araw sa gabi; sa katandaan ni David ay walang maliwanag, ekselente, o maningning (1 Hari 1:1-4; cf. Deut. 34:7; Gen. 48:14-16; Kaw. 4:18).

N. Ang buhay-Kristiyano ay isang buhay ng pagkatuto sa pamahalaan ng Diyos; aanihin natin kung ano ang inihasik natin; mas mapagbigay tayo sa iba, mas magiging mapagbigay ang Diyos sa atin; kung tayo ay mapanakit at malupit sa ating mga kapatid, ang Diyos ay magiging mapanakit at malupit sa atin; kapag ang iba ay may sakit o nasa kahirapan, ito ay pagkakataon upang tulungan sila, hindi panahon upang pintasan sila—Gal. 6:7; 1 Tes. 5:14-15; Luc. 6:36-38; Mat. 7:1-2:

1. Dapat tayong matuto na maging mga mapagbigay at mga mapagpatawad na tao; kung malupit tayo sa iba, ang Diyos ay magiging malupit sa atin; dapat nating iwasang mamintas, mangondena, o magsalita tungkol sa iba nang basta-basta; ang ating pamimintas at mga walang ingat na pagpuna tungkol sa iba ay madalas na nagiging paghahatol sa ating sarili—6:15; 18:23-35.
2. Maraming kapatid ang kaawa-awang nasadlak ngayon dahil lamang sa isang kadahilanan—napakatindi nilang pinintasan ang iba noon, at marami sa kanilang mga kahinaan ngayon ay ang mismong mga kahinaan na kanilang pinintasan noon.
3. Tayo ay tinawag upang pagpalain ang iba, kaya't tayo, bilang isang pinagpalang bayan, ay dapat laging nagpapala sa iba upang manahin natin ang pagpapala; kung ano ang ipinagpapala natin sa iba, ay siya nating mismong mamanahin—1 Ped. 3:8-11; Mat. 10:13; cf. Bil. 6:22-27.

*© 2021 Living Stream Ministry*